

1. MGA RESPONSABILIDAD NG MEMBER-CONSUMER-OWNER

- a. Pag bayad ng electric bill sa tamang oras.
- b. Pag-ulat o pagsumbong sa mga nagnanakaw o gumagamit ng kuryente sa maling paraan.
- c. Pag pili ng mga responsableng taong uupo bilang Boad of Director.
- d. Pagprotekta ng pagmamay-ari ng cooperatiba(hal. Poste, linya, transformer).
- e. Dumalo sa mga pulong.
- f. Magsiwalat ng tamang impormasyon.
- g. Pag-ulat sa anumang nakitang depekto sa linya na kailangan ng agarang aksyon.
- h. Produktibong gamiting ang kurente.

2. MGA KARAPATAN NG MEMBER-CONSUMER-OWNER

- a. Makatanggap ng electric service connection pagkatapos mag bayad ng fees at masecure ang mga requirements.
- b. Makaboto sa kondisyong hindi pa ito naputulan ng kuryente bago ang cut-off ng eleksyon.
- c. Maging isa sa Board of Director kung kwalipikado.
- d. Suriin ang record ng Coop kahit anong oras.
- e. Mag sumbong kung may nakitang maling ginagawa ang kahit sinong miyembro ng Board.
- f. Malaman ang mga kaganapan sa Coop.

Collection Policy- Binibigyan lamang ng siyam (9) na araw na palugit ang bawat member-consumer-owner upang mabayaran ang kanilang electric bill. Agad mapuputulan ng serbisyo ng kuryente matapos ang due date.

Ipinapaalam sa lahat ng member-consumer-owners(MCOs) ang inyong **mga karapatan bago maputulan ng serbisyo ng kuryente**

Alinsunod sa "MAGNA CARTA FOR RESIDENTIAL ELECTRICITY CONSUMERS:" ito ay ang mga sumusunod:

1. Hindi dapat ipatupad ang pagputol ng serbisyo ng kuryente sa mga MCO pagkalipas ng ika-3:00 ng hapon.
2. Hindi dapat ipatupad ang pag putol ng serbisyo ng kuryente kung may pasyente sa loob ng tahanan na naka depende sa life support system(halimbawa: nebulizer at oxygen) na aabot lamang ng hanggang (2) buwan.

3. Hindi dapat ipatupad ang pag putol ng serbisyo ng kuryente ang MCO tuwing Sabado, Linggo at tuwing opisyal na walang pasok(holiday)
4. Hindi dapat ipatupad ang pag putol ng serbisyo ng kuryente ang MCO kung may nakaburo, ngunit binibigyan lamang ng palugit ang MCO hanggang pitong (7) araw lamang

3. ANTI-PILFERAGE ACT OF 1994

R.A. 7832

Anti-Electricity and Electrical Transmission Lines or Materials Pilferage Act of 1994
Parusa sa mga gumagamit ng “Illegal Connection”

ANO ANG REPUBLIC ACT O BATAS BILANG 7832?

“Isang batas na nagbabawal sa pagnanakaw ng daloy ng elektrisidad, mga kawad at iba pang mga kagamitan ng kuryente na may pagsasaalang-alang sa nawawalang kuryente bilang isang mahalagang bahagi nito at para sa iba pang mga kadahilanan”

BAKIT KINAKAILANGAN ANG BATAS NA ITO?

- ❖ **UNA**, upang bigyang katarungan ang mga tapat na nagbabayad ng buwanang konsumo ng kuryente sa pamamagitan ng pagsupil o pagpigil, paghuli at pagpapataw ng multa at pagkabilanggo ng mga magnanakaw ng kuryente.
- ❖ **IKALAWA**, upangmapanatili ang mababang halaga ng kuryente. Ang halaga ng nawawalng kuryente(system loss) mula sa malawakang illegal na koneksiyon ay ipinapataw din ng kooperatiba sa mga member-consumer sa kanilang binabayaranang buwanang konsumo ng kuryente na nagiging dahilan upang ang halaga ng binibiling kuryente ay maging mataas.
- ❖ **IKATLO**, upang maipagpatuloy at maipalaganap pa ang serbisyo ng kuryente sa mga kanayunan at mga liblib na pook kaysa pakinabangan lamang ng mga nagsasamantala at nagnanakaw ng kuryente.

Q: Anu-ano ang mga ipinagbabawal na gawain sa paggamit ng kuryente ayon sa R.A. 7832

- Pagmani-obra o pandaraya sa ating koneksiyon sa pamamagitan ng mga sumusunod:
 - a. Pagkakaroon ng koneksiyon na walang pahintulot o inaprubahang aplikasyon mula sa kooperatiba.
 - b. Pag mani-obra ng koneksyon upang mabawasan ng konsumo sa kuryente
- Pagputol, paglagari, paghiwa-hiwalay, pag-galos at pagtunaw ng anumang kawad at iba pang bahagi ng kawad ng kuryente.
- Pag-aangkin, pag-aalis o paglipat ng mga kawad o bagay na ginagamit ng kooperatiba sa pagbebenta ng kuryente
- Pag-angkin at pag-iimbak ng kawad o bagay pangkuryente na walang pahintulot ang tunay na may-ari nito.
- Ang makikabit ng kawad ng kuryente sa poste o nakalaang linya/kawad patungo sa ibang bahay, nakatalang nakikinabang, o member-consumer ng EC na walang pahintulot ang kooperatiba
- Pagkakaroon ng ipinagbabawal na kawad na nakakabit sa loob ng kuntador
- Pagkasira ng selyo(meter seal), galang o tanikala ng kuntador.
- Paggalaw o pagsira ng kasangkapan, transformer at bahagi ng metering device box na nasa loob ng kuntador
- Walang pahintulot na pag-lipat ng metro sa ibang lugar
- Walang pahintulot na pag reconnect ng na disconnect na metro
- Pagnakaw ng mga iba't-ibang bahagi ng kuryente sa pamamagitan ng:
 - a. Pagputol, paghiwa, paghati o pagtunaw ng mga linya o materyales ng kuryente mula sa kanilang kinalalagyan na walang pahintulot mula sa kooperatiba
 - b. Paglipat o pagalis ng mga linya o materyales ng kuryente na walang pahintulot mula sa kooperatiba
 - c. Pag-imbak ng mga linya o materyales ng kuryente na walang pahintulot mula sa kooperatiba at ang may-ari nito.

PAUNAWA:

- ✓ Hindi dapat ikabit, ilipat, ayusin, butasin o buksan ninuman kahit na elektrisyan ang kontador kundi linemen lamang ng kooperatiba o otorisadong gumawa sa pamamagitan ng "Service Job Order"
- ✓ Ang pagbibigay ng ilaw sa kapit-bahay o pag konekta ng "extension line" para sa kabit-bahay na naputulan o hindi na miyembro ng kooperatiba ay tinatawag na "flying connection". Ganumpaman, kung may kapitbahay tayong nangangailangan ng pansamantalang paggamit ng kuryente (hindi lalagpas sa isang lingo) kagaya ng mga

okasyon o namatayan, maari tayong mag bigay ng “extension lighting” subalit kailangan munang humingi ng permiso mula sa opisyal o pangasiwaan ng ating kooperatiba.

Q: Anu-ano ang mga kaparusahan sa mga lumabag sa batas laban sa pandaraya o pagnanakaw ng kuryente?

1. Sa pandaraya o pagmani-obra ng koneksyon, ang parusa ay:
 - a. Pagkulong mula anim na taon hanggang labindalawang taon
 - b. Pag bayad ng multa, mayroon pang karagdagang halaga na ipapataw sa sumusunod ng formula:

$$\text{KWH USED} \times \text{RATE} \times 25\%$$

- c. Pag bayad ng “Differential Billing”. Bukod sa surcharge, ang isa pag karagdagang babayaran ay ang tinatawag na “differential billing” at ito ay makukuha sa pamamagitan ng sumusunod na formula:

$$\text{KWH} \times \text{RATE} \times 60 \text{ months}$$

2. Sa pagnanakaw ng mga linya, materyales at iba pang bahagi ng kuryente(Transmission o Distribution lines at mga parte nito) ang parusa ay:
 - a. Pagkulong mula labindalawang (12) taon hanggang dalawampung (20) taon
 - b. Multa mula limampung libong piso o doble depende sa desisyong ipapalabas ng hukuman.

ANG KURYENTE AY ATIN. HUWAG ITONG NAKAWIN

4. ANTI-POWER LINE DISTURBANCE ACT

“An act ensuring the continuous and uninterrupted transmission and distribution of electricity, the protection of the integrity and reliability of the transmission and distribution systems, and the promotion of public safety, and providing penalties in violation thereof”

ANO ANG ANTI-POWER LINE DISTURBANCE ACT?

Pagbabawal ng pagpapatayo ng mga istraktura at pagtanim ng mga puno na maaaring makasira at makaabala sa mga transmission poles at linya ng kuryente. Ipinagbabawal din nito ang pagsasagawa ng mga mapanganib na aktibidad sa nasabing lugar.

BAKIT KINAKAILANGAN ANG BATAS NA ITO?

- ❖ **UNA**, itaguyod at matiyak hindi lamang ang pagkamasunurin sa awtoridad nito, kundi pati na rin ang magpatupad ng mga hakbang tulad ng epektibong pagsulong ng pangkalahatang kapakanan, na mahalaga para sa kasiyahan ng lahat ng mamamayan na pinagpala ng demokrasya sa isang makatarungan at makataong lipunan
- ❖ **IKALAWA**, panatilihin ang electric power lines na malaya sa panganib o sagabal para sa tuloy-tuloy at walang tigil na daloy ng kuryente galing sa power plants papunta sa end-users, maitaguyod ang pangkalahatang kaligtasan at panatilihin maaasahan ang pasilidad ng paghatid at pamahagi sa buong bansa
- ❖ **IKATLO**, matiyak ang tagumpay ng programang pagpapailaw sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na daloy ng kuryente galing sa power plants papunta sa mga konsumidor

Q: Anu-ano ang mga ipinagbabawal na gawain ayon sa ANTI-POWER LINE DISTURBANCE ACT?

1. Pagtanim ng mga punong kahoy kabilang ang mga punong kahoy ng anumang uri o taas sa right-of-way corridor ng electric power lines;
2. Magtayo ng kahit anong mapanganib at sagabal sa ilalim o sa loob ng right-of-way corridor ng electric power lines.

3. Magsagawa ng mapanganib na aktibidad sa ilalim, sa malapit at sa mismong right-of-way corridor ng electric power lines;
4. Pigilan o pagbawalan ang pagpapapasok sa ari-arian para sa layuning pag sasaayos ng electric power line, o pag papanumbalik ng kuryente, o mag sagawa ng kinakailangang paglinis, pag putol, pagtabas ng mga matataas na halaman o punong kahoy at pag tanggal o pag demolisyon ng mapanganib na imprastraktura;
5. Magsagawa ng mga aktibidad na makakapinsala sa paghahatid o pamamahagi ng kuryente, makagambala sa operasyon ng grid, subtransmission assets, at maging dahilan ng pagkasira ng electric power lines.

MGA KARAPATAN NG AWTORIDAD UKOL SA PAG TANGGAL NG ANO MANG BALAKID SA ELECTRIC POWER LINES

1. Magsagawa ng inspeksyon sa electric power lines na matatagpuan sa isang pribadong arian
2. Magsagawa ng pagaayos o aktibidad na pagpapanumbalik sa electric power lines na matatagpuan o tumawid sa pribadong arian
3. Magsasagawa ng kinakailangang paglinis, pag putol, pagtabas ng mga matataas na halaman o punong kahoy sa right-of-way corridors ng electric power lines.
4. Magtanggal o magbuwag ng mapanganib na imprastraktura sa right-of-way corridors ng electric power lines.
5. Pumigil o ipagbawal ang pagsasagawa ng mga mapanganib na aktibidad sa mga right-of-way corridors ng electric power lines.

Q: Anu-ano ang mga kaparusahan sa mga lumabag sa anti-power line disturbance act?

1. **Unang pagkakasala** - ang parusang arresto menor o multa na nagkakahalaga ng dalawampung libong piso (P20,000) o pareho, depende sa desisyong ipapalabas ng hukuman
2. **Pangalawang pagkakasala** - ang parusang arresto mayor o multa na nagkakahalaga ng limampung libong piso (P50,000) o pareho, depende sa desisyong ipapalabas ng hukuman
3. **Pangatlong pagkakasala** - ang parusang prision correccional o multa na nagkakahalaga ng isang daang libong piso (P100,000) o pareho, depende sa desisyong ipapalabas ng hukuman